Office of the Director
1215 O St.
Sacramento, California 95814
www.dsh.ca.gov
DSH 10268E (12/2022)

**Ika-1 Kalakip**
**Aplikasyon para sa Programa ng Pinansyal na Tulong**
**Nabibilang at Hindi Nabibilang na Kita**

Ang mga pinagkukunan ng kita na nakalista sa ibaba ay kinuha mula sa listahan ng mga uri ng kita at deduksyon ng Medicaid (Medi-Cal sa California) mula noong Setyembre 2020. Hindi ito ingklusibong listahan ng lahat ng uri ng kita at deduksyon. Para sa buong listahan, pakibisita ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa: https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Documents/Co-OPS-Sup/Income-and-Deductions-Chart06252021.pdf

**Mga Halimbawa ng Nabibilang na Kita**

1. Pagtatrabaho – mga sahod, suweldo, back pay, differential pay (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
2. Iba pang kinikita mula sa W2 (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
3. Mga benepisyo mula sa Social Security, kabilang ang Kita mula sa Pagkakaroon ng Kapansanan ng Social Security (bilangin ang gross)
4. Kabayaran sa kawalan ng trabaho, estado o pederal (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
5. Kita mula sa pagkakaroon ng kapansanan – binubuwisan (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
6. Interes sa mortgage (bilangin ang gross)
7. Mga allowance para sa gastusin sa pamumuhay mula sa gobyerno (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
8. Independent na contractor, gig work (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
9. Mga distribusyon mula sa Account ng Pagreretiro ng Indibidwal (Individual Retirement Account, IRA), 1099-R (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
10. Kita sa interes (nabubuwisan at hindi nabubuwisan), 1099-R (bilangin ang gross)
11. Mga tip (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
12. Pagkansela ng utang (bilangin ang nabubuwisang porsyon sa natanggap para sa buwan)
13. Mga rebate sa utility (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
14. Mga benepisyo mula sa pagreretiro sa riles ng tren (bilangin ang gross)
15. Mga napanalunan sa pagsusugal, lotto, mga raffle, W2-G (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
16. Dugo, plasma, semilya, egg, embryo, o kabayarang natanggap para sa mga bahagi ng katawan (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
17. Pangkalusugang savings account (bilangin ang nabubuwisang porsyon)

18. Medikal na savings account (Archer-Medicare) (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
19. Bayad sa pagkakatanggal sa trabaho, bayad sa pagkakasakit, bakasyon, taunang leave, at mga bayad na holiday (bilangin ang nabubuwisang porsyon)
20. Insurance para sa May Kapansanan ng Estado (State Disability Insurance, SDI) kapag ibinayad bilang kapalit para sa mga benepisyo ng insurance sa kawalan ng trabaho, 1099-G (bilangin ang nabubuwisang porsyon)

**Mga Halimbawa ng Hindi Nabibilang na Kita**

1. Tax return sa kita ng pederal
2. Distribusyong kwalipikado ayon sa Roth IRA, 401k, 403(b)
3. Mga benepisyo mula sa programang Karagdagang Kita sa Seguridad (Supplemental Security Income, SSI)/Karagdagang Bayad ng Estado (State Supplementary Payment, SSP)
4. Mga benepisyong tulong at pangangalaga ng Pangangasiwa sa Mga Beterano (Veterans Administration, VA) na ibinabayad sa mga beterano o kanilang mga pamilya
5. Mga regalo/mga cash na kontribusyon
6. Mga economic stimulus na bayad (pederal)
7. Kita mula sa pagkakaroon ng kapansanan – hindi binubuwisan (mga hindi binubuwisang insurance-premium sa kita mula sa pagkakaroon ng kapansanan na hindi binabayaran ng employer), Pubs 525 at 907
8. Cash grant mula sa Pangakalahatang Tulong ng County
9. Mga benepisyo mula sa CalFRESH
10. Mga grant mula sa Pang-emergency na Pinansyal na Tulong
11. Tulong batay sa mga pangangailangan
12. Credit sa buwis sa kinita
13. Mga voucher o benepisyo sa pagrenta sa Seksyon 8 ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod
14. Mga benepisyo sa pangmatagalang pangangalaga – hindi nabubuwisang halaga, 1099LTC
15. Mga bayad para sa tulong sa mortgage sa ilalim ng Seksyon 235 ng National Housing Act
16. Mga isang beses na stimulus na bayad sa buwis mula sa pederal (ibig sabihin, recovery rebate)
17. Insurance para sa May Kapansanan ng Estado (SDI) – California, na hindi binabayaran bilang kapalit para sa insurance sa kawalan ng trabaho.
18. Tax return ng estado (kung ang mga buwis ng estado ay ibinawas sa Tax Return sa Kita ng Pederal ng naunang taon, magiging nabibilang ang refund mula sa estado)
19. Weatherization, tulong sa kuryente sa bahay, emergency na pag-aayos o pagpapalit ng heating/cooling unit
20. Kompensasyon ng mga manggagawa na ibinabayad sa manggagawa o kanilang mga survivor